SAN FRANCISCO
HUMAN SERVICES AGENCY

# Oportunidad na Trabaho sa California at Responsibilidad sa Mga Bata (CalWORKs) Papel ng Impormasyon

Nagbibigay ang CalWORKs ng tulong na cash at mga serbisyo sa mga nangangailangang pamilya ng California na may mga dependent na bata. Pinapatakbo ng San Francisco Human Services Agency ang programang CalWORKs sa County ng San Francisco. Ang programa ay pinangangasiwaan at babayaran gamit ang mga pondo ng Pederal, Estado, at County ng San Francisco.

Ang mga buwanang benepisyo ng San Francisco CalWORKs ay ipinapamahagi alinsunod sa mga karaniwang allowance ng California. Ang pagkakwalipikado para sa mga benepisyo ay nakabatay sa laki ng pamilya, kita, ari-airan, at mga espesyal na pangangailangan. Ang mga pamilya o buntis ay maaaring mag-apply para sa CalWORKs anuman ang kanilang lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang bansa, mga politikal na paniniwala, marital status, kasarian, o kapansanan.

## Pagkwalipika para sa Mga Benepisyo ng CalWORKs

Maaaring magkwalipika ang mga pamilya para sa CalWORKs kung matutugunan ng pamilya ang mga inaatas sa aspeto ng kakulangan, kita, ari-arian, at tirahan.

### KAKULANGAN

Para magkwalipika sa aspeto ng kakulangan, dapat matugunan ng isang bata (0-18 taong gulang) sa sambahayan ang isa sa mga sumusunod na salik:

- Iniwan ang bata sa ampunan
- Kapwa may kapansanan sa pangangatawan at pag-iisip ang mga magulang
- Walang trabaho ang magulang na pangunahing kumikita (Nagtatrabaho nang wala pang 100 oras sa 28 araw)
- Pumanaw na ang parehong magulang
- Wala sa tinitirhan ng bata ang kapwa magulang

### KITA

1. Para magkawalipika sa CalWORKs, ang pamilya ay dapat na walang earned o unearned income na mahigit sa Minimum na Pangunahing Pamantayan ng Sapat na Pangangalaga (Minimum Basic Standard of Adequate Care, MBSAC) na limitasyon. Ang karaniwang ikinakaltas na $450 kada may trabahong adult ay ibabawas sa bawat kabuuang gross na kita ng pamilya. Malalapat ang iba pang kaltas para sa unearned income gaya ng mga bayad sa suporta sa bata, kapansanan at kawalan ng trabaho.

| Laki ng Pamilya / Minimum Basic Standard of Adequate Care (MBSAC) Limit<br>Rehiyon 1 May-bisa sa 7/1/24 hanggang 6/30/25 | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| $ 899 | $ 1,476 | $ 1,829 | $ 2,170 | $ 2,476 | $ 2,785 | $ 3,061 | $ 3,331 | $ 3,614 | $ 3,922 |

2. Kung ang kita ng pamilya ay mababa sa MBSAC na limitasyon (nasa table sa itaas), ang kabuuang earned at unearned income ng pamilya ay dapat na mababa sa ikakaloob na bayad sa pamilya (Tingnan ang Minimum na Bayad na Tulong (Minimum Aid Payment, MAP) table sa ibaba). Ang dalawang pamantayan sa ikakaloob na bayad para sa CalWORKs ay: "Non-exempt" o "Exempt".

   Karaniwan, ang mga pamilyang pinamumunuan ng mga magulang na itinuturing na bukas tumanggap ng trabaho ay mas mababang halaga ang matatanggap. Ang mga pamilyang ito ay tinatawag na "Non-exempt." Ang mga pamilyang pinamumunuan ng mga magulang na nakakatanggap ng ilang partikular na benepisyo sa pagkakaroon ng kapansanan o mga pamilyang pinamumunuan ng mga hindi nangangailangan/hindi magulang na kamag-anak ay makakatanggap ng mas malaking buwanang kaloob at tinatawag na "Exempt".

| Maximum Aid Payment (MAP)<br>Rehiyon 1 May-bisa sa Oktubre 1, 2023 | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Persons on Aid | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 o higit pa |
| NON-EXEMPT NA MAP | $732 | $927 | $1,171 | $1,412 | $1,654 | $1,896 | $2,139 | $2,382 | $2,623 | $2,867 |
| EXEMPT | $807 | $1,036 | $1,310 | $1,574 | $1,844 | $2,117 | $2,388 | $2,661 | $2,930 | $3,205 |

### ARI-ARIAN

Ang limitasyon ng ari-arian ay $11,634 kada pamilya. Kung ang isang tao sa pamilya ng CalWORKs ay matanda na o may kapansanan, tataas ang limitasyon sa ari-arian nang $17,452. Kasama sa mga bagay na itinuturing na ari-ari-arian, pero hindi limitado dito, ang cash, mga ipon, mga security, stocks, at mga checking account.

### MGA HINDI KASAMANG ARI-ARIAN

1. Isang bahay na pagmamay-ari o inookupahan ng pamilya, anuman ang halaga nito.
2. Isang motorsiklo na nagkakahalagang $32,968 pababa. Kung ang iyong sasakyan ay nagkakahalagang $32,968, ang sobrang halaga na mahigit $32,968 ay ituturing na ari-arian. Ang halaga ng anumang karagdagang sasakyan ay bibilangin din.
3. Mga gamit at kasangkapan sa bahay, gaya ng furniture, malalaki at maliliit na appliance, telebisyon at musical system.

4. Iba pang personal na ari-arian gaya ng alahas, mga musical instrument, at power tool.
5. Mga personal na gamit gaya ng damit, mga wedding at engagement ring, minanang gamit at prosthetic device.

TIRAHAN

Kailangan ang iyong intensyon sa paninirahan sa California at sa San Francisco. Dapat idokumento ng mga hindi mamamayan ang legal na status sa pagpasok sa U.S. Ang isponsor ng isang hindi mamamayang mag-a-apply para sa CalWORKs ay responsable pa rin sa suporta sa hindi mamamayan. Ang bahagi ng mga resource at kita ng isponsor ay "ipagpapalagay" na makukuha ng hindi mamamayan, at ginagamit ito para matukoy ang pagkakawlipikado sa CalWORKs, pero maaaring may mga pagbubukod.

MGA KINAKAILANGAN SA TRABAHO

Ang lahat ng miyembro ng pamilya ay dapat na magtrabaho o lumahok sa isang aktibidad sa pamamagitan ng programang CalWORKs Welfare-to-Work, maliban sa:

- Mga batang wala pang 16 na taong gulang
- Mga batang 16 hanggang 18 taong gulang na naka-enroll sa full-time na eskwelahan
- Mga taong mahigit 59 na taong gulang
- Isang ina o tagapangalaga ng isang batang wala pang 6 na buwang gulang

EDAD AT MGA REGULASYON NG ESKWELAHAN

Ang mga batang 16 hanggang 17 taong gulang ay dapat na regular na pumasok sa eskwelahan. Ang mga batang 16 o 17 taong gulang ay dapat na nasa eskwelahan nang full-time o lumalahok sa programang Welfare-to-Work. Ang mga 18 taong gulang na dependent sa isang sambahayan ay dapat na nasa high school o isang vocational-technical school nang full-time, at asahang makakatapos sa eskwela bago ang edad na 19. Ang mga 16 o 17 taong gulang na nakatapos ng high school o nakapasa sa California High School Proficiency Exam at naka-enroll, o may planong mag-enroll, sa postsecondary, vocational, o technical school, ay hindi kasama sa panuntunang ito.

MGA BAKUNA

Ang lahat ng aplikante/tatanggap ay dapat na magbigay ng patunay na ang bawat batang wala pang anim na taong gulang ay may mga kinakailangang bakunang angkop sa edad.

PAGBUBUNTIS

Ang mga buntis ay maaaring maging kwalipikado sa $100 na allowance sa espesyal na pangangailangan sa pagbubuntis.

PANA-PANAHONG RESPONSIBILIDAD NA PAG-ULAT

Ang mga tatanggap ng CalWORKs ay kailangang iulat ang mga pagbabago sa kita at mga sitwasyon ng pamilya nang taunan at sa gitna ng taon dahil sa Pag-uulat Tuwing Dalawang Beses sa Isang Taon (Semi-Annual Reporting, SAR) at Taunang Pag-uulat/Sa Bata Lang (Annual Reporting/Child-Only, AR/CO) reporting system. Ang pana-panahong pag-uulat ng pagkakwalipikado at kita ay kailangan para sa tuloy-tuloy na pagtukoy sa pagkakwalipikado. Ang layunin ng taunan at dalawang beses kada taon na pag-uulat ay ipakita ang mga pagbabago sa address, pagpasok sa eskwelahan ng mga bata, trabaho, kita at ari-arian, at mga gastos.

MEDI-CAL

Ang Medi-Cal ay awtomatikong ibinibigay sa lahat ng nakakatanggap ng CalWORKs. Ang mga bayad sa doktor, ospital at dentista, gamot, salamin sa mata at mga medikal na pangangailangan ay maaaring bayaran sa mga limitasyon ng programang Medi-Cal.

CALFRESH (MGA FOOD STAMP)

Nagbibigay-daan ang CalFresh sa mga pamilyang may mababang kita na makabili ng mas maraming pagkain. Ang mga pamilyang nakakatanggap ng CalWORKs ay maaaring maging kwalipikado sa CalFresh.

IBA PANG LIBRE O MURANG SERBISYO

Ang mga tatanggap ng CalWORKs ay maaaring magkwalipika sa mga serbisyo gaya ng pangangalaga sa bata, tulong sa pabahay, trabaho at pagpapayo

| | |
|---|---|
| SAAN MAG-A-APPLY PARA SA CALWORKS: | San Francisco Human Services Agency<br>170 Otis Street - 1st Floor Reception Area<br>3120 Mission Street – 1st Floor Reception Area<br>Oras ng Negosyo: 8:00 A.M.-5:00 P.M. |
| TELEPONO: | (855) 557-5100 |
| PAANO MAG-APPLY ONLINE: | www.BenefitsCal.com |

KUNG MAYROON KANG KAPANSANAN

Ipaalam sa amin kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng tulong sa pag-apply. Maaari kaming mag-asikaso ng pagbisita sa bahay o iba pang tulong na partikular sa mga pangangailangan mo. Puwede kang mag-request ng espesyal na tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa (855) 557-5100. Kung nakakatanggap ka na ng mga benepisyo at kailangan mo ng espesyal na tulong, makipag-ugnayan sa iyong CalWORKs Case Manager.

## PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO

May karapatan ka sa Patas na Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasiyahan sa kinalabasan ng iyong kaso. Puwede ka ring maghain ng apela kung may mga hindi makubuluhang pagkaantala sa pagproseso ng iyong aplikasyon, o kung sa palagay mo ay hindi naunawaan ng iyong worker ang mga impormasyon sa pagtukoy ng iyong kaloob o ng iyong pagkakwalipikado sa mga benepisyo ng CalWORKs o CalFresh.

Puwede kang mag-request ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 90 araw ng pagkilos ng San Francisco Human Services Agency sa pamamagitan ng pagsagot sa likod ng Abiso sa Pagkilos na natanggap mo at pagpapadala nito sa:

APPEALS UNIT: San Francisco Human Services Agency
P.O. Box 7988, S600
San Francisco, CA 94120

MAHALAGA: Maaaring alamin ang mga regulasyon ng CalWORKs sa pamamagitan ng pag-request.
Hindi papalitan ng handout na ito ang mga regulasyon ng CalWORKs